

Pasimula

Sa maraming hamon at mga problema na kinahaharap ng ating bansa, ano ang pinakamalapita sa iyong puso? Paano ka nakakatulong para masagot ang mga problemang ito?

Pagsusuri

Aktibong Mamamayan: Mga Matuwid na Paraan para Sumuporta

1. Ipagdasal ang mga lider

Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao. 2 Idalangin rin ninyo ang mga hari at maykapangyarihan, upang tayo'y makapamuhay nang matahimik, mapayapa, maka-Diyos at marangal. – 1 Timoteo 2:1-2

2. Sumunod sa mga lider

Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. 2 Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa. – Roma 12:1-2

3. Tamang paraan sa pagpuna sa ating gobyerno

“Binigyan ng Diyos ng kapangyarihan ang mga Kristiyano sa isang demokratikong lipunan upang pigilan ang kanilang pamahalaan sa pagtataguyod ng kasamaan. paano? Ito ay isang pangunahing tuntunin sa isang demokrasya na ang soberanya ay pagmamay-ari ng mga tao at ang lahat ng awtoridad ay nagmumula sa kanila (Artikulo II, Seksyon 1 Konstitusyon ng Pilipinas), kaya may mga mekanismo na magagamit ng mga tao.” (translated from English) – Former Chief Justice Ma. Lourdes Sereno

Kinikilala ng Biblia ang kabiguan sa pamamahala:

Tama ba ang hatol ng mga pinuno? Ang hatol ba ninyo'y pantay at totoo? 2 Hindi! Pagkat ang inyong binabalangkas pawang karahasa't gawaing di tama – Mga Awit 58:1-2

Mga paraan para maisabuhay ng mga Cristiano ang mga bagay na paniniwalaan sa Biblia:

- **Civil Disobedience**—isang paraan ng hindi pag-ayon sa gobyerno na hindi gagamit ng dahas.
- **Issue-based Advocacy** – pagpapahayag sa publiko at maging konsensiya ng bayan sa mga problema sa lipunan tulad ng human trafficking, child abuse, abortion, at iba pa.
- **Non-Partisan Electoral Engagement** – tamang paggamit ng karapatang bumoto at tulungan ang iba sa pamamagitan ng voter's education.
- **Partisan Political Initiatives** – siguruhing may presensiya ang mga Cristiano sa gobyerno para itaguyod ang maka-Dios na legislative agenda, sa pamamagitan ng pagtakbo sa public office, pagbuo ng political parties, at iba pa.

Mabuting Pagkamamamayan: Matalino at Responsableng Pagboto

Ang karapatan at pribilehiyo na bumoto may may kasamang responsibilidad na may karunungan piliin ang mga lider na ibubuto.

Have you invited others to **join this movement?**

Invite them to sign up today via cvm.com.ph or download the app in the App Store (iOS) or Google Playstore, just search for “**Christian Values Movement**”.

Sinasayang natin ang ating karapatan at pribilehiyong bumuto sa pamamagitan ng hindi pagboto, pagbebenta ng boto, o pagboto sa maling tao sa maling kadahilanan. Ang tamang pagpili ng mamumuno at uupo sa ating gobyerno, kung iisipin nating maigi, ay mas importante pa sa pagpili ng tamang aplikante ng leadership position sa isang negosyo or kumpanya.

“...walang nagsasabi sa mga tao na ang mga kandidato ay mga aplikante para sa mga posisyon sa pamamahala –naghahangad na maging isang CEO o direktor... At kung ano ang kinakailangan upang pamahalaan ang isang gobyerno, isang korporasyon, o isang ekonomiya, na kung ano ang isang barangay, isang munisipalidad, o lungsod ay. Hindi nila alam na ang pamamahala ay isa pang termino para sa pamamahala; tulad ng pagboto ay isa pang termino para sa pagkuha, ang pagpili ng isang kandidato ay, sa totoong kahulugan, pagkuha para sa isang posisyon sa gobyerno.” (translated from English) – Manuel E. Valdehuesa, former director of the Development Academy of the Philippines

Ang panahon ng eleksyon ay nagbibigay sa atin ng isang pagkakataon para tuparin ang first two **Greatest Commandments** of Jesus—mahalin ang Dios ng buong puso, kaluluwa at isipan, at mahalin ang kapwa tulad nang pagmamahal natin sa ating sarili.

Maka-Dios na Pagkamamamayan: Pagtataguyod ng Maka-Dios na mga Pamantayan sa Lipunan

The Christian Values Movement (CVM) ay isang kilusan ng mga kapwa Pilipino na nagkakaisa sa ating pagnanais na mailapat ang mga pagpapahalagang bibliya sa mga matitinding isyu na bumabagabag sa ating bansa. Isa itong value-based, non-partisan movement.

Our Vision ay ang makita ang isang kilusan ng mga pinuno ng pamahalaan na may takot sa Diyos na nakatuon sa pagbuo ng bansa tungo sa katuwiran at kaunlaran para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Our Mission ay upang makisali sa kasalukuyan at susunod na henerasyon ng mga pinuno sa serbisyo publiko, mabuting pamamahala, at pamumuno ng lingkod na matatag na nakaugat sa mga pagpapahalaga sa Bibliya ng pagmamahal sa Diyos at sa kapwa, at pagmamahal sa bayan; upang tumulong na hubugin ang mga pinunong nakatuon sa pagpaparangal sa Diyos sa lahat ng sektor ng lipunan.

Namumuhay tayo bilang isang mabuting mamamayan na nagtitiwala sa Diyos sa pagbabago na kaya Niyang gawin sa ating bansa sa pagmamagitan ng pagbabago nya sa ating mga pamilya, komunidad at ng ating bansa.

Ang ating strategy para makamit ang ating goal ay tinatawag namin pito pito pito strategy.

Kung meron tayong pitong tao na magre-recruit ng pitong tao na magre-recruit pa ng pito, maaabot natin ang 10 million Pilipino sa mabilis na panahon.

Ikaw ba ay naninindigan na ang Bibliya dapat ang maging basihan ng tamang pamumuno sa ating bansa?



Nang binigyan tayo ng “Cultural Mandate” ng Dios sa Genesis 1:26-28 para ang tao ay mamuno ng tama sa mundo, ito ay ibinigay Niya sa bawa’t tao—sa mga lider at sa mga mamamayan. Mapalad tayong mga Pilipino na nagkaroon tayo ng pribilehiyo na makapagtayo ng isang uri na pamahalaan at isang Constitution na kinikilala ang pangangailangan ng tulong at gabay ng Dios, at ang tungkulin ng mga mamamayan para mapaunlad ang ating bansa. Pero saan natin makukuha ang kapangyarihang ito para baguhin ang ating bansa? Malalaman natin ito sa susunod na session: **“Power to Change”**, kaya’y huag palagpasin ito! Pagpalain kayo at ang ating bansa ng Diyos!

PAG-UUSAPANG MGA TANONG

1. Ano ang sinasabi sa Biblia tungkol sa mga namumuno sa gobyerno at sa kanilang mga nasasakupan? Paano mo tinutupad ito? Paano ka magiging mas mabuti sa pagtupad nito?
2. Ano ang naiisip mong maitutulong tungo sa isang mas maliwanag (matuwid, mapayapa, maunlad) na kinabukasan ng Pilipinas?

PAGSASAGAWA

1. Maglaan ng isang araw kada isang linggo upang ipanalangin ang mga lider ng ating bansa sa kasalukuyan at sa hinaharap.
2. Mag-imbata ka ng 7 na TAO para sumama sa CVM, kund hindi mo pa ito nagagawa. Para sila makapagsimula i-send mo sa kanila ang CVM link <https://cvm.com.ph> o sabihin mo sa kanila na i-download ang app sa App Store (iOS) o sa Google Play Store, at i-search ang “Christian Values Movement”.

